# Mga Impormasyon 3

## Proseso ng Referral sa Pangalawang Pagsusuri ng Driver License

STATE OF CALIFORNIA DMV Department of Motor Vehicles

### *May Natanggap Ka Bang Abiso ng Referral sa Pangalawang Pagsusuri ng Driver License (Secondary Review Referral Notice, DL 209A)?*

Nakatanggap ka ng DL 209A dahil ang (mga) dokumento ng pagkakakilanlan/tirahan na isinumite mo sa pagbisita sa field office ng Department of Motor Vehicles (DMV) ay nangangailangan ng karagdagang pagsusuri. Upang masimulan ang proseso ng referral sa pangalawang pagsusuri para sa driver's license (DL), **dapat kang bumisita** sa **dmv.ca.gov/SRA** o tumawag sa (855) 421-1001. Hindi maipagpapatuloy ang proseso ng aplikasyon sa DL hangga't hindi ka nakikipag-ugnayan sa DMV gamit ang alinman sa dalawang paraang ito.

### *Mga Kapaki-pakinabang na Tip—Mga Bagay na Dapat Malaman Kapag Nakipag-ugnayan sa DMV*

- Maghintay ng 5 araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang DL 209A bago makipag-ugnayan sa DMV at humiling ng pangalawang pagsusuri.
- Itabi ang iyong resibo ng aplikasyon sa DL kung sakaling kailanganin.
- May mahihinging tulong sa wika. Kapag tatawag ka, pakisabi ang "I need language assistance in __________."

Pagkatapos mong tumawag sa DMV, makakatanggap ka ng liham sa pamamagitan ng koreo, sa loob ng 30 araw, na may nakalagay na petsa, oras, at lokasyon ng opisina kung saan magaganap ang panayam.

**Tandaan:** Kung naiwala mo ang DL 209A, makipag-ugnayan sa DMV sa 1-800-777-0133 para sa karagdagang tulong.

### *Ano ang Aasahan Ko sa Panayam?*

Sa panahon ng panayam, susuriin ang mga dokumento ng iyong pagkakakilanlan/tirahan, tatanungin ka, at beberipikahin ang nakuhang larawan sa field office. Maaaring abutin nang 1 oras ang proseso ng panayam.

Kung mabeberipika ang mga dokumento ng iyong pagkakakilanlan/tirahan, makakatanggap ka ng follow-up na liham na magbibigay ng mga karagdagang tagubilin sa kung paano magpapatuloy sa proseso ng DL.

### *Anu-anong Dokumento ang Kakailanganin Ko?*

Gagamitin ang iyong dokumentasyon upang malaman kung sino ka at kung saan ka nakatira. Kakailanganin mong dalhin ang mga dokumentong magbibigay ng patunay sa iyong pagkakakilanlan/tirahan. Tumutulong ang paghiling ng mga dokumentong ito sa pagtitiyak ng katumpakan at integridad ng DL na naisyu ng DMV at maaari nitong mapigilan ang ibang tao na gamitin ang impormasyon at/o pagkakakilanlan mo. Magdala ng maraming dokumento hangga't maaari, na nakalista sa brochure na ito sa iyong nakaiskedyul na panayam. Ibabalik sa iyo ang lahat ng dokumentong ibibigay pagkatapos ng panayam.

- (Mga) dokumento sa paaralan kabilang ang:
  - Pampubliko o pribado
  - Primary, secondary, o post-secondary institution
  - Kolehiyo o unibersidad

Dapat nakalagay sa mga dokumento ng paaralan ang iyong petsa ng kapanganakan, o kung isa itong dokumento mula sa isang paaralan sa ibang bansa, dapat may selyo ng paaralan at may larawan ng aplikante sa edad kung kailan naisyu ang tala.

- Mga dokumentong naisyu ng o naihain sa pamahalaan ng Estados Unidos o isang pamahalaan sa loob ng Estados Unidos kabilang ang:
  - Aplikasyon para sa Pagkupkop at para sa Pagpigil sa Pag-alis *(Application for Asylum and for Withholding of Removal form,* I-589)
  - Sertipiko ng Pagiging Kwalipikado para sa Status na Hindi Dayuhang Mag-aaral *(Certificate of Eligibility for Non-immigrant Student Status,* F-1 o M-1)
  - Katayuan ng Sertipiko ng Pagiging Kwalipikado para sa Bisita ng Exchange *(Certificate of Eligibility for Exchange Visitor Status,* J-1)
  - Mga dokumento ng hukuman kung saan pinangalanan ka bilang isang panig sa isang paglilitis
  - Mga pagbabayad ng buwis kita
  - DL (may-bisa o nag-expire na)

- Katayuan sa kasal kabilang ang:
  - Lisensya ng kasal
  - Mga pagpaparehistro ng pagsasam

Kailangang maglagay ang wika sa isang lisensya ng kasal (na hindi Ingles) ng sertipikadong pagsasalin o isang affidavit ng pagsasalin sa Ingles.

- Mga utos ng hukuman tungkol sa divorce

Kailangang maglagay ang wika sa mga utos ng hukuman tungkol sa divorce (na hindi Ingles) ng certified na pagsasalin o isang affidavit ng pagsasalin sa Ingles.

- (Mga) dokumento mula sa ibang bansa kabilang ang:
  - Pasaporte mula sa ibang bansa
  - Identification (ID) card bilang foreign national
  - ID card ng konsulado
  - DL mula sa ibang bansa

Kailangang maglagay ang wika sa isang DL mula sa ibang bansa (na hindi Ingles) ng sertipikadong pagsasalin o isang affidavit ng pagsasalin sa Ingles.

- ID card.

Dapat may nakalagay sa (mga) ID card na larawan ng aplikante na naisyu ng pamahalaan ng Estados Unidos o isang pamahalaan sa loob ng Estados Unidos.

- Dokumento ng kapanganakan kabilang ang:
  - Sertipiko ng kapanganakan
  - (Mga) tala ng pag-ampon

Anumang dokumentong ipinakita mula sa listahan sa itaas na mayroong pangalan ng iyong asawa, kinakasama, anak, magulang, o legal na tagapagbantay, kung magbibigay rin ang aplikante ng sertipiko ng kapanganakan, tala ng pag-ampon, lisensya ng kasal, o pagpaparehistro ng pagsasama upang malaman ang ugnayan.

## *Paano Ako Makakakuha ng Mga Dokumento ng Ibang Bansa?*

Kung kailangan mong palitan o kunin ang iyong mga dokumento mula sa ibang bansa, maaari kang makipag-ugnayan sa konsulado ng iyong bansa. Ang isang tanggapan ng konsulado ang kumakatawan sa ibang bansa upang makapagbigay ng tulong sa kanilang mga mamamayang nakatira sa ibang bansa.

Maaaring magbago araw-araw ang mga lokasyon at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng konsulado. Upang matiyak na natatanggap mo ang pinakabagong impormasyon tungkol sa konsulado, pakibisita ang **state.gov** para sa kumpletong listahan ng mga konsulado sa loob ng Estados Unidos.

## *Paano kung Hindi Maberipika ang Aking Pagkakakilanlan/Tirahan?*

Sisikapin ng DMV na maberipika ang iyong pagkakakilanlan/tirahan. Kung hindi ito magagawa ng DMV, may liham na ipapadala sa iyo na nagsasabing natapos na ang iyong proseso ng referral sa Pangalawang Pagsusuri ng DL. May karapatan kang humiling ng pagdinig kung hindi maberipika ng DMV ang iyong pagkakakilanlan/tirahan. Kung nagbigay ng mga mapanlokong dokumento, maaaring magsagawa ang DMV ng karagdagang pagkilos.

## *Impormasyon Tungkol sa DMV INV Division*

Ang mga tauhan ng INV ng DMV ang nagsasagawa ng proseso ng pangalawang pagsusuri. Ang INV ay isang namumuno sa pagpapatupad ng batas, na may bihasang pangkat na nasa tinatayang 220 peace officer at mahigit 130 support staff. Nagsasagawa ang INV ng pagsisiyasat na nauugnay sa: pagnanakaw ng pagkakakilanlan, mga krimeng pinansyal, hindi naaangkop na pag-uugali ng empleyado, mga peke/binagong dokumento, at mga reklamo ng consumer laban sa DMV at mga lisensya ng trabaho. Nagpapakita ang mga tauhan ng INV ng natatanging serbisyo sa customer sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga de-kalidad na serbisyo na may integridad, pagiging propesyunal, at paggalang para sa lahat ng empleyado at consumer.